## PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE News and Information Bureau

## PRESS BRIEFING OF PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE September 21, 2020 (11:58 A.M. – 1:34 P.M.)

**SEC.** ROQUE: Maayong udto, Pilipinas. [DIALECT] sa City of Golden Friendship of the Philippines, Cagayan de Oro, sa probinsiya ng Misamis Oriental.

Punung-puno po tayo ngayong araw kaya iiksian lang po natin ang ating presentation para marami tayong matanong 'no. Kasama po natin ngayon ang Alkalde ng Cagayan de Oro City at Governor po ng Misamis Oriental, si Mayor Oscar Moreno and Governor Bambi Emano. Kasama rin po natin via Zoom si Iligan City Mayor Celso Regencia, si Housing Czar Secretary Eduardo del Rosario, at saka si Chief Protocol and Presidential Adviser on Foreign Affairs Robert Borje.

Narito po tayo sa Cagayan de Oro because the lone city and the lone province still under MECQ, Iligan City and Lanao del Sur are nearby from here in Cagayan de Oro City. At siyempre po, Marawi is also nearby kaya kasama po natin si Secretary del Rosario.

Well, umpisahan na po natin sa mabuting balita: Nakinig naman po ang Presidente sa hinaing ng mga nurses, so iyong mga mayroon na pong mga papeles at kumpletong documentation as of August 31, 2020, pinayagan na po ni Presidente na makaalis para sa kanilang trabaho abroad. Sang-ayon po kay DOLE Secretary, ito po'y makikinabang po ang 1,500 nurses and other health professionals.

Uulitin ko po, iyong mga health professionals na kumpleto po ang documentation as of August 31, 2020, pinayagan na po tayo ng Presidente na makaalis para sa inyong mga trabaho abroad.

COVID update naman po tayo. Unang-una po, ang total number po of COVID cases worldwide ay 30,881,522. Ang mga namatay na po globally is 958,493. Nangunguna pa rin po ang Estados Unidos -6,794,499 cases, deaths of 190,469. Pumapangalawa po ang India -5,400,619 cases; with deaths of 86,752. Ang Brazil po ang pangatlo -4,528,240 cases, ang deaths po ay 136,532. Pang-apat po ang Russia -1,098,958, with deaths of 19,349. At panlima po ang Peru -762,865, with deaths of 31,389.

Sa Pilipinas po, mayroon na tayong 288,743 cases with deaths of 4,984; 1.7% pa rin po ang ating case fatality rate.

Mayroon na po tayong mga na-test na mga kababayan sa pamamagitan ng PCR na 3,164,830. Ito po ay ginawa sa 98 licensed RT-PCR laboratories at 30 licensed GeneXpert laboratories.

Mayroon na po tayong 51,894 active cases, at sa numerong ito, 8.7% po ang asymptomatic; 86.6% ang mild; 1.4% ang severe; at 3.3% po ang kritikal.

Dumadami po ang recoveries, 229,865; ang deaths po ay 4,984, nakikiramay po kaming muli.

Pagdating po sa critical care capacity, mayroon pa po tayong 50% available na ICU beds, 56% available na isolation beds, 53% available na ward beds at 74% available na ventilators. So nasa medium risk po ang ating critical care capacity nationwide.

Okay, dito po nagtatapos ang ating presentation. Unahin ko muna po ang Alkalde ng Cagayan de Oro City who has a press conference at 12 noon.

So, Mayor, tatlo lang po ang aking katanungan: Ano po ang status ng COVID dito sa Cagayan de Oro dahil dito po ang puntahan ng mga taga-neighboring provinces? Ano po iyong mga best practices ng Cagayan de Oro? At ano po ang kailangan ninyo sa national government? Mayor Oscar Moreno, the floor is yours.

**CDO MAYOR OSCAR MORENO:** Thank you very much, Secretary. Good morning and magandang umaga po sa lahat lalo na sa ating mga kababayan sa buong Pilipinas. Maayong buntag sa tanan.

Dito po sa Cagayan de Oro, the region, I think we're relatively okay, although ang ating local cases are on the rise. We have seen that as early as three, four weeks ago in the case of Iligan 'no. Ito iyong chart natin, Secretary.

lyang green ho ang total cases sa region, ang pula are the local cases, ang blue are the ROF-LSI. Initially, ang ROF-LSI constituted 80% of all the positive cases, pero paakyat nang paakyat ang local cases. Umaakyat din po ang ROF-LSI but the rise of the increase sa local cases has been faster and in a shorter period 'no. Kaya ngayon, ang ating ROF-LSI already constitute 52% from 80% some two months ago, and ang local cases are already nearing 48%.

Now to me, ang local cases are a lot more disturbing than ROF-LSI provided ang ROF-LSI are attended to sa kwarantina. Tayo po sa city, mayroon na tayong city isolation units. Ito iyong rise ng local cases over the last three months. July 16, August 16 and September 20, [unclear] in the case of Iligan, ang local cases nila ngayon constitute at least 80% of all the local cases.

And in Cagayan de Oro, our local cases have already breached the 40% mark. And ganoon din po sa ibang LGUs, umaakyat. So ito po, sinasabi ko palagi, if we are not able to arrest this, soon enough, we will follow the trail of Iligan 'no – God forbids. Kaya importante po talaga ang minimum public health standards, importante rin po ang interventions ng mga LGUs just like iyong containment kung mayroong local cases, ang pangalawa, lalo na iyong ROF-LSI na makwarantina in a proper way.

Ito iyong sample ng ating CIU and temporary treatment. Ang ginagawa natin, Secretary, lahat ng arrivals, ROF-LSI, from the very beginning, sinasalubong natin sa airport or sa port facility. And from there, dinadala natin sa ating city isolation unit to stay there for five, six days, and then sinaswab para malaman kung positive or negative.

Sa awa ng Diyos, over 90%, I would say 93% of all ROF-LSI tested negative. Pero iyong less than seven percent, in the initial period, mas malaki kaysa local cases. Now, problema ngayon, kung ROF-LSI are allowed to roam around, hindi nakwarantina, sigurado most likely iyong seven percent ay maka-infect and iyan po ang nakakatakot dahil exponential ang infection sa virus.

So, I hope na ang ating kwarantina sa buong rehiyon will be attended to. And then, rest assured na dito sa Cagayan de Oro, we are even adding more CIU facilities; and kung positive na, doon sa temporary treatment monitoring facility – one of them, iyong facility ng Department of Tourism. And ako'y nagpapasalamat sa national government, kay Secretary Berna for making available that, together with the four or five other facilities 'no.

So laban lang po tayo, Secretary. Ako po'y nagpapasalamat sa national government, lalo na sa IATF and to all the members of the IATF for all the support and of course attention they have given to... not just Cagayan de Oro but to the region. Salamat po Secretary.

**SEC. ROQUE:** Mayor, because you have to leave, I just have a question po. Marami pong COVID-19 patients galing sa Iligan, sa Lanao del Sur, ang nagpapagamot dito sa Cagayan de Oro. Kumusta po ang critical care capacity ngayon ng Cagayan de Oro?

MAYOR MORENO: Lumalaban po. Although threatened dahil sa buong region it is actually Northern Mindanao Medical Center (NMMC) that is the apex hospital and at the same time the COVID referral hospital. Sinusuportahan po natin. So far, we have bought 4 RT-PCRs ang City or tulong and ang dalawa nasa DOH-Region X and the other two are with NMMC to be used starting October.

And tumulong din ho tayo sa procurement ng Polymedic Hospital at saka ng Maria Reyna-Xavier University ng RT-PCR nila. So, ang testing natin sa region is now mas leveling up. But hopefully by October we can still serve even BARMM and CARAGA Region, Mr. Secretary.

**SEC. ROQUE:** Okay. Since Mayor has to leave, siguro we can entertain a couple of questions intended for Mayor Moreno. Mayroon bang anyone from Zoom or local media that would like to ask a question because si Mayor has his own press briefing?

I'm sorry, Mayor, medyo na-late tayo huh... ang Pangako ko kasi he would be ready by twelve.

One or two questions intended for Mayor Moreno, please?

**MODERATOR:** Menzie Montes, please.

**MAYOR MORENO:** Ito si Menzie, suki ko ito sa press briefing din and... incidentally I'd like to acknowledge, Secretary, iyang suporta ng mass media dito sa Northern Mindanao.

**MENZIE MONTES:** Okay... Good morning, Secretary Roque, sir! Governor Bambi Emano, good morning, sir! Mayor Oscar Moreno... To Mayor Oscar Moreno: Sir, nandito na ngayon si Secretary Roque, anong gusto mong... ano iyong Tagalog sa pangayuon?

SEC. ROQUE: Hingi.!

**MENZIE MONTES:** Hingiin. Oo, sorry po, Secretary. Anong gusto mong hingin para maparating kay President Rodrigo Duterte, Mayor?

**MAYOR MORENO:** Nagkausap na kami ni Secretary kanina in private and sinasabi ko naman na ano naman...of course, naintindihan natin ang problema sa buong bansa and of course Metro Manila and Region IV-A together they contribute more than 2/3 of the national economy kaya sa atin, tinitingnan din natin iyan how we can help doon sa pag-welcome ng ROF (Returning Overseas Filipino).

Marami ... marami ang kailangan, of course lalo na iyong mga reagents, etc., lalo na iyong GeneXpert dahil ang GeneXpert, ang DOH lang ang puwedeng makabili niyan and nobody else.

So, alam ni Secretary iyan and I would not want to pressure him, alam ko naman tumutulong din siya in whatever way he can.

MODERATOR: Okay. Joanna—

**SEC. ROQUE:** Perhaps one more question for Mayor Moreno?

**MODERATOR:** Joanna, please.

**Q:** Mayor, good morning!

**MAYOR MORENO:** Good morning!

**Q:** Based po sa data natin, naungusan na po ng CDO ang Iligan sa most number of active cases ng COVID-19. What are you planning to do, Mayor, para ma-control iyong mga active cases sa CDO po?

**MAYOR MORENO:** Well, doon sa active cases ...actually, ang virus nawawala iyan after fourteen days, ang importante lang hindi maka-infect. Mawawala iyan kung hindi siya maka-infect. It will just die a natural death. So, the challenge really is how to prevent the virus from spreading. And the irony is kapag nag-spread, exponential iyan compared sa linear. And kaya iyan ang rason ngayon why lumalakas iyong ating local cases.

The problem with local cases, the main problem is kung may matamaan na may comorbidity sigurado sa hospital iyan and in fact... ano talaga iyan... Ngayon, more than 30 na ang patients sa Northern Mindanao Medical Center and tinutulungan din natin ang pag-procure ng mga equipment.

The idea really is, we know the national government is doing everything it can, and huwag naman tayong hingi nang hingi lang sa lahat sa kanila dahil we need to also to invest in health dahil iyan naman ay para sa lahat. So, tulungan lang, bayanihan 'ika nga.

**SEC. ROQUE:** Thank you very much, Mayor Moreno. And thank you for joining us, I know you have to go a separate press briefing. Maraming, maraming salamat po! On behalf of President Rodrigo Roa Duterte, thank you for your presence and thank you also to our provincial governor. Naipakita po natin sa buong daigdig, sa buong bayan, dito po sa Misamis walang pulitika kapag ang pinag-uusapan ay kapakanan ng sambayanan. Maraming salamat po sa inyong dalawa.

Kasama rin po natin si Misamis Oriental Governor Bambi Emano. Sir, same question po, kumusta na po ang COVID management natin, Ano pong best examples natin? Ano pong kailangan natin sa national government? At dadagdagan ko lang po, paano po iyong border control ninyo with Lanao del Sur and Iligan City considering that the two cities are the lone areas under Modified ECQ in the Philippines?

The floor is yours, Governor.

**GOVERNOR EMANO:** Thank you, Secretary Roque, ASec. Queenie, ASec. [unclear], national, local heads who are here, special mention [unclear], happy birthday, sir! To our friend in the media and of course to all the people watching us, sa tanan, entero Pilipinas, maayo kaayong udto.

Let me share by saying that Misamis Oriental had been successful in controlling COVID, I think because it's unique that only maybe in Misamis Oriental that we have a task force chief that is not headed by the governor. I specifically asked my PHO, Dr. Jerry Calingasan, to head the task force because, for one, he is the most technical person who knows the virus and understands the virus and who knows how to [unclear] medically.

In short briefer, I was given only very short time but I'll make it very short. I believe that one of the things that made us successful is that we work early against COVID. To date, we started January 15, [unclear] days and I believed that we are the first province to have declares state of calamity which is 197 days today. As of today, we only have 360 cases and over the weekend, we had 20 only.

And we were able to assist already LSIs and ROFs to a tune of around 6,464 individuals and we have been ready – thank you to the 424 barangays. We have now 30 municipal MIUs, thank you the mayors, which can hold 677 beds, and of the 470 barangay isolation unit, we have a holding capacity of 2,329. And so far, we have been working with the local chief executives, we'd like to thank Mayor [unclear] here, he is the one putting up a chokepoint in the province.

And we are helping all our frontliners in our checkpoints and chokepoints and so far, this is our isolation facility that we are building. Thank you, President Duterte, for the Bayanihan We Heal as One Act, it can hold ... it has 26 rooms and it can hold around 50 ... Hopefully patients in the future. It will be turned over to the provincial government by second week of October and hopefully we will be able to use it.

With regards to borders, Misamis Oriental is very unique because on the western part our boundary is Iligan City, which has the rising case. On our eastern part, our boundary is Caraga, Butuan City also has a rising case. And in the middle is the City of Cagayan De Oro, which has a rising case. That is why we have been very thankful to the local chief executives for implementing strict protocols to our choke points and we are also very fortunate that 24/7 and the local chief executive we were able to set aside politics and work together to protect the people of Misamis Oriental, sir.

**SEC. ROQUE:** Maraming salamat, Governor 'no. Governor, thank you very much for making this press briefing in Cagayan De Oro possible, it was the provincial governor that provided the venue as well as all other amenities that we are enjoying, kung hindi po dahil sa inyo, we would not have been able to conduct this press briefing. Maraming-maraming salamat, Governor and to the people of Misamis Oriental.

Anyway, you can stay, Governor for the open forum later 'no. So, I would like to call on our other guest.

Siyempre po we would have wanted to go to the City of Iligan, but it's MECQ and we wanted to honor the protocols on inter zonal problem. But we have on zoom, Mayor Regencia, Mayor of

Iligan. Unfortunately, we could not invite Governor Adiong of Lanao Del Sur, because he is predisposed because of a medical condition.

But Mayor Regencia, the floor is yours. Same question po, kumusta na ang Iligan after about two weeks of MECQ at ano ang po ang mga steps taken natin para to reduce the number of COVID in the City of Iligan? I met Mayor Regencia the last time we were in Cebu to meet with the President, he was in the company of Secretary Avisado. Mayor Regencia, the floor is yours.

**MAYOR REGENCIA:** Maraming salamat po, Mr. Secretary. Maraming salamat po, magandang hapon po kay Governor Emano at saka kay Mayor Moreno ng Cagayan De Oro City. Sa lahat po ng nakikinig ngayon dito sa briefing natin ngayon.

Dito sa Iligan po, Mr. Secretary, ito ang record galing sa emergency operation center COVID cluster as of yesterday at 3:00 pm. There are 8 new cases of which seven are local and one from ROF. Masaya rin po kami dahil mayroong 19 recoveries, all from local.

As of now, Mr. Secretary, there are 151 total active cases and 44 were admitted, 106 are in isolation facility and there are 436 recoveries and 29 deaths. Twenty-nine na po ang namatay dito sa Iligan City, Mr. Secretary. At saka hindi ako nahihiya na humingi ng Modified Enhanced Community Quarantine dahil po sa recommendation ng ating Regional Director, si Dr. Adriano Subaan na noong August 13, 107 lang sana ito pero hindi napagbigyan iyong hiningi nating Enhanced Community Quarantine. So ... pagka-September 1 ay napagbigyan tayo ngunit ito ay Modified Enhanced Community Quarantine.

Ganoon pa man, nagpapasalamat ako dahil nadadagdagan iyon isolation facilities natin ngayon na ginawa sa local government unit, iyong 120-bed capacity. But the Department of Public Works and Highways is giving us the isolation facility with a bed capacity of 120 located in National Steel Corporation Gymnasium. So, sa tatlong barangay po, Mr. Secretary, Department of Public Works and Highways po ang gumagawa doon sa Barangay Akbat na mayroong na may 40-bed capacity, Barangay Poblacion, mayroong 40-bed capacity and in Barangay Tomas [unclear] 40-bed capacity. All in all, mayroon na kami dito sa Iligan ng isolation facilities na 360 bed capacity.

Nagpapasalamat din po ako kay Secretary Carlito Galvez Jr., ang COVID Czar, dahil noong humihingi kami sa kaniya ng tulong, hindi talaga nag-aatubili si Secretary Galvez na tumulong sa amin. At sa ngayon po, Mr. Secretary, talaga namang nagka-ano kami sa Cagayan De Oro, dahil wala kaming testing laboratory dito, hiningi ko pa rin iyong testing laboratory at hopefully maano ito ... maumpisahan na ito dahil nahihiya na kami diyan sa Cagayan De Oro na makadagdag pa sa sakit ng ulo ni Governor Emano at saka si Mayor Moreno. Pero ganoon pa man, iyong dalawang tao na iyon ay hindi nag-aatubiling tumutulong sa amin dito sa Iligan City.

Sa aside those isolation facility, Mr. Secretary, mayroon din tayong mga hotels na nirirentahan para magamit ng mga locally stranded individuals at saka iyong ROF natin. Ito po ay ang Infinity na sa ngayon ay mayroong 30 na naka-occupy ng mga LSIs at saka ROF. Ganoon din sa My Hotel, mayroon tayong 18, LSI and ROF. Sa [unclear] mayroon tayong 78 combined na ito sa LSIs at ROF, and sa Sakura Hotel na mayroong 22. All in all, 148, Mr. Secretary. And out of this 148, there are 55 local cases na waiting for the confirmation of their swab test. So, hopefully sa dalawang linggo na na-under kami ng Modified Enhanced Community Quarantine ay nabawasan natin iyong total active cases na 182 to 151.

So all in all, Mr. Secretary, from March up to yesterday, there are total confirmed cases 616, but there are also 436 recoveries in our city of Iligan. Iyon lang po, Mr. Secretary. Magandang hapon po sa iyo. Maraming salamat po.

**SEC. ROQUE:** Maraming salamat, Mayor, ipaparating ko po sa DOH ang pangangailangan ninyo ng sariling RT–PCR testing facility. At kung ano pa po ang kailangan ninyo, nandiyan din po si Secretary Galvez para makipag-ugnayan sa inyo.

Cagayan De Oro is literally po the entry point to Northern Mindanao. It is the entry point to the province of Lanao and the City of Marawi. Unfortunately po, dahil sa COVID medyo hindi na po natin nasubaybayan ang mas matindi ang pangyayari sa Marawi and the rebuilding of Marawi. But ngayon po we have the opportunity while in Cagayan De Oro City. We are joined by our Housing Secretary, wala pong iba kung hindi si Eduardo Del Rosario. Sec, kumusta na po ang rebuilding of Marawi?

**SEC.DEL ROSARIO:** Maayong hapon sa tanan, Secretary Roque at ang ating mga local chief executives, members of the media, again, maayong hapon.

Maganda naman po ang development sa ating Marawi rehabilitation. So, I would like to make a presentation of what is happening in Marawi City by providing the updates as of today, 2020.

Ang objectives po natin generally is to make the rehabilitation as the catalyst for growth and sustainable development, establish good governance and have peaceful environment even beyond the rehabilitation.

This is our timeline. We are following a methodology. Let us all remember that the Marawi siege was from May 2017 to October 2017 for a period of almost 6 months. And immediately after that, we conducted early intervention activities from November to September of 2018. And after that, we conducted the actual rehabilitation, which started with the phase 1, clearing of bombs and debris that started October 2018 until February of 2020. And after that phase 2 started which is the construction of horizontal and vertical infrastructure December 2019 and to be completed by December of 2021.

So, ito po ang mga projects natin na ongoing in the less affected areas and the most affected areas. In the less affected area, we have already completed construction of PNP Compact 1 and the Marawi Fire substation and ongoing are the transitory shelters, Marawi Police Station, Salintubig Reservoir, correction facility, transcentral roads and permanent shelters which are all ongoing.

In the most affected area, we have the following projects completed – the Mapandi Bridge, Banggolo Bridge and the Maritime Outpost.

And the following infra projects are ongoing: the Pumping Bridge, the Marawi Museum, the 4-storey building, School of Living Tradition, the Peace Memorial Park, the Grand Padian Market and the 24 Barangay Complexes.

Ito po iyong mga pictures ng mga projects na nagawa natin: The Marawi Fire Sub-Station; the PNP-COMPAC 1, completed; the Marawi Police Station, to be completed by December; the Salintubig Reservoir 13.89% accomplishment; and the correctional facility the perspective – it's now 33% accomplishment that will be completed on June 8 of 2021; Transcentral Roads being implemented by DPWH, 41.72%, 68.72 and 83.30% accomplishment in the three projects; Transitory Shelter in Shelter Site No. 1; Shelter Site 2 - 257 out of 300; Lake View - 1,050 out of 1,500 completed; Rororagus 1 - 100 out of 400; 250 out of 500 iyong Rorogagus 2; Dulay - 150

completed out of 500; and all these transitory shelters will be completed by November of 2020, this year.

But the permanent shelter we are constructing a total of 3,500. This is the model, it's a 90-square meter floor area of 46 square meter; and it has 3 bedrooms, 1 living room, a comfort room and parking area. So maganda po itong ating permanent shelter facilities na gagawin. Ito iyong ongoing land development, 45.7% and 120 units are ongoing and all these permanent shelters will be completed by December of 2021 for a total of 3,500 housing units. The soldiers, iyong AFP Engineers po natin ay tumutulong sa construction sa Marawi.

On MAA Infrastructure Projects: The Mapandi Bridge completed already as of June 18, 2019; Bangolo Bridge completed December 9 of 2019; Pumping Bridge, it's 79.8% complete but suspended because of road right of way issue; Maritime Outpost completed last July of 2020; the barangay complex with health center, this is a perspective; another perspective model, we are building 24 of this kind.

Ongoing constructions are the following: In Brgy. Dansalan, Brgy. Datu Naga, Brgy. Moncado Kadilingan, Brgy. Sangkai Dansalan, Brgy. Tolali, and the Peace Memorial will also be constructed. It's now ongoing, 17.01% accomplishment. The School of Living Tradition, it's 6%, the foundation has been laid out – it will be completed by June; the Marawi Museum 24.28% accomplishment, it will be completed by March 10 of 2021; the Grand Padian Market with Ice Plant, it's 16.42% complete accomplishment. We have the 4-storey school building, 9.03% accomplishment.

And the Projects for Implementation for the year and in the first quarter of 2021 are the following projects and all of these will be completed by December of 2021. Ang Total Funding Requirement po natin ay 60 billion; ang nai-release na ng ating gobyerno ay 22.2 billion both for LAA and MAA Projects.

Ang atin pong mandato na binigay ng ating mahal na Pangulo, he said and I quote, "I will see to it that Marawi will rise as a prosperous city again." That is our mandate and that is what we will do as Chair of TFBM together with the 56 implementing agencies that composed the Task Force Bangon Marawi.

Maraming salamat po.

**SEC. ROQUE:** Okay. [Inaudible] and Presidential Adviser on Foreign Affairs. Usec. Borje, the floor is yours. Aasahan natin ang talumpati ng Presidente sa UN General Assembly [inaudible]. The floor is yours, sir.

**USEC. BORJE:** Hello. Good afternoon. Thank you. Mr. Spokesperson, can you hear me?

**SEC. ROQUE:** Yes. Go ahead po, the floor is yours.

**USEC. BORJE:** Thank you very much Spokesperson for the time [unclear] today. Daghang salamat sa atong mga local officials from Northern Mindanao including Cagayan De Oro for

hosting today's press conference. Daghang salamat sa tanang mga higala og mga igsoon sa Northern Mindanao for hosting us and thank you to all our friends in the media for covering this press conference. I will now deliver a press statement regarding the President's participation in the 75<sup>th</sup> Session of the UN General Assembly:

President Rodrigo Roa Duterte will participate at the High-Level General Debate of the 75<sup>th</sup> Session of the United Nations General Assembly or UNGA. The High-Level General Debate will take place from September 22<sup>nd</sup> to September 26<sup>th</sup>, 2020. This will be the President's first time to address the UN General Assembly, the main deliberative board of the UN where all the 193 member-states are represented.

This year's UNGA is of historic significance as it marks the 75<sup>th</sup> anniversary of the establishment of the United Nations. This is also the first time that the High-Level General Debate and other High-Level Meetings of the UNGA will be done virtually in view of the restrictions posed by the COVID-19 pandemic.

The session's theme is: "The Future We Want, The United Nations We Need: Reaffirming Our Collective Commitment to Multilateralism" confronting COVID-19 through effective multilateral action. The High-Level General Debate will be presided over by His Excellency Mr. Volkan Bozkir from Turkey who is the President of the 75<sup>th</sup> UN General Assembly.

Thank you.

SEC. ROQUE: Thank you, Usec. Borje [inaudible] Usec. Rocky...

**USEC. IGNACIO:** Okay. Secretary, good afternoon. First question from Arianne Merez of ABS-CBN. Ito po iyong tanong ni Arianne Merez, Secretary: Cavite has banned late night karaoke or videoke. There are also some complaints online that karaoke or videoke disrupts work-from-home setups and online classes. What can the Palace say about possibly restricting or prohibiting videoke during quarantine?

SEC. ROQUE: [Inaudible]

**USEC. IGNACIO:** Secretary, hindi po namin kayo masyadong naririnig. Siguro po dapat maayos muna iyong audio.

Pero iyong susunod pong tanong ni Arianne Merez ng ABS-CBN: Has the IATF decided on the resumption of provincial bus operations in Metro Manila? What is the decision? Secretary Roque?

**SEC.** ROQUE: The technical working group [inaudible]. Iyan po'y dini-discuss ngayon sa technical working [inaudible].

**USEC. IGNACIO:** Ang third question, Secretary Roque—I hope maayos po iyong audio ninyo Secretary, hindi po masyadong malinaw ang audio ninyo: What is President Duterte's reaction to the EU's possible revocation of tariff perks for the Philippines?

**SEC. ROQUE:** Hindi ko na po uulitin other than, unang-una, iyan po ay result of misinformation at kung talagang magpipilit na magdagdag ng pahirap ang EU sa panahon ng pandemya, nasa sa kanila po iyan.

We go now to Joyce Balancio of ABS-CBN, please.

**JOYCE BALANCIO/DZMM:** Yes, good afternoon po, Secretary Roque. Can you elaborate lang po doon sa decision ni President Duterte to keep the one-meter physical distancing in the public transportation? What were the President's considerations?

SEC. ROQUE: [Inaudible]

**JOYCE BALANCIO/DZMM:** All right, Secretary. On my second question po, Secretary, dito po sa Manila Bay. This weekend po marami po iyong mga pumunta na mga kababayan natin to see iyong beautification of the Manila Bay, marami pong hindi nakasunod sa physical distancing. Ano po ang instruction or request ng Malacañang or guidance para po hindi na ito maulit? And who should be in charge of ensuring that health protocols will be followed?

**SEC. ROQUE:** [Inaudible] Manila Bay at tama naman po iyong desisyon ng DENR [inaudible]. Gayunpaman, dahil sa pandemya, nananawagan po kami sa taumbayan na kinakailangan po mag-social distancing dahil hindi po [inaudible]. Ang ating mensahe nga po na kinakailangan ingatan ang ating mga buhay para tayo po ay makapaghanapbuhay. [Inaudible] para ma-enforce po ang social distancing ay ang [inaudible] dahil ito po ay [inaudible] ang puwede lang po ay maximum of [inaudible] persons at a time at ito po maximum of [inaudible] para naman [inaudible] sa Manila Bay. [Inaudible] huwag kayong mag-alala wala pong [inaudible] so [inaudible]. Magkakaroon din po kayo ng pagkakataon ma-enjoy [inaudible] pansamantala na ipu-postpone po iyong pagbubukas niyan dahil napakadami nga pong gustong makarating diyan. So [inaudible] makakarating din po kayo diyan [inaudible]. Hinay-hinay lang po, social distancing [inaudible].

**JOYCE BALANCIO/DZMM:** Opo. Last na lang po for me, Secretary Roque. It was President Duterte who brokered the 15-21 House Speakership agreement between House Speaker Alan Cayetano and Marinduque Representative Lord Allan Velasco. Is this agreement, up to now is the President still believe that it should be followed or is he in favor of extending the term of Congressman Cayetano? And also, can you elaborate what the President meant when he was quoted saying, "Kawawa naman si Velasco," during his meeting with Congress leaders. Some are interpreting that it's the President endorsing the extension of term of Congressman Cayetano.

**SEC. ROQUE:** Unfortunately [inaudible]. [Inaudible] pagdating po sa issue ng liderato ng Kamara [inaudible].

Thank you, Joyce. We now go to Franklin of PIA, our moderator for questions from local media please. Franklin, birthday boy, Happy Birthday! Nagbi-birthday ka on national TV ha with all the channels celebrating ha. Ibang klase ka, Franklin. Happy Birthday!

**MODERATOR:** Thank you. So next to ask question, Bobby Lacsa please.

**SEC. ROQUE:** Bobby, please identify your network or your paper please.

**Q:** Good morning, Bobby [inaudible]. Sir, ano iyong economic outlook natin sa Pilipinas ngayon? Ano iyong mga losses and how much is the government needed to invest to recover from the losses in the next, say, 2 to 3 years?

**SEC. ROQUE:** Siyempre po ang ating economic losses na naging dahilan kung bakit nga nagshrink po ng 16.5 during the second quarter ang ating ekonomiya eh dahil sinarado po natin ang ating ekonomiya noong tayo'y nagdeklara ng ECQ at MECQ. Hindi po tayo nagsisisi doon dahil iyong pagdideklara natin gave us the time to prepare our hospitals para gamutin iyong mga magkakasakit 'no. It gave us the opportunity to beef up our critical care capacity, wala pong pagsisisi pero ngayon po kinakailangan nating buksan unti-unti ang ekonomiya kaya ang panawagan po natin – ingat buhay para po sa hanapbuhay.

At siyempre po nandiyan naman ang mga stimulus package natin, pauna lang po iyong Bayanihan to Heal as One II na naglalaan ng 165 billion, kasama na rin po sa stimulus packages natin ang 4.7 trillion national budget for 2021.

Sino na? Si Usec. Rocky siguro uli...

**USEC. IGNACIO:** Yes. Secretary, ulitin ko na lang po iyong mga tanong kanina kasi kanina po hindi po maintindihan iyong audio ninyo. So iyong tanong po ni Arianne Merez ng ABS-CBN ulitin ko po: Cavite has banned late night karaoke or videoke. There are also some complaints online that karaoke or videoke disrupts work-from-home setups and online classes. What can the Palace say about possibly restricting or prohibiting videoke during quarantine?

**SEC. ROQUE:** That's a legitimate exercise po of local government power. Sa ating New Civil Code po mayroon tayong provisions na tinatawag na 'abatement of nuisance,' ang malakas na pag-videoke po is a form of nuisance or nakakairita 'no at iyong abatement of nuisance po nasa kamay po iyan ng lokal na pamahalaan.

**USEC. IGNACIO:** Iyong second question po niya: Has the IATF decided on the resumption of provincial bus operations in Metro Manila? What is the decision?

**SEC. ROQUE:** Iyan po ay nasa technical working group, wala pa pong desisyon. Inaantay po natin iyong report ng technical working group ng IATF.

**USEC. IGNACIO:** Iyong third question po niya: What is President Duterte's reaction to the EU's possible revocation of tariff perks for the Philippines?

**SEC. ROQUE:** Nasagot ko na po iyan. Ang mga naririnig po ng mga European Parliamentarian are result of misinformation dahil malalakas po ang mga kalaban ng gobyerno sa Europe. Pero kung talagang gusto pong magpataw ng karagdagang pahirap ng mga European sa Pilipino sa panahon ng pandemya, nasa kanila po iyan, wala na tayong magagawa.

Okay? So after Usec. Rocky, we go to Maricel Halili please, of TV-5.

**MARICEL HALILI/TV5:** Hi, sir! Magandang hapon po. Sir, I will have to repeat the question of Joyce Balancio kasi hindi po namin naintindihan iyong audio ninyo kanina. Representative Paolo

Duterte threatened to force the change of leadership in the House allegedly because of the issue on national budget. Does it have the blessing of President Duterte considering na nag-mediate po si President before on House leadership? What's the guidance of the President po?

**SEC. ROQUE:** The Constitution is clear po, tanging ang mga miyembro lang ng Kamara de Representante ang pupuwedeng magdesisyon kung sino ang kanilang magiging leader. We leave that to the members of the House of Representatives.

**MARICEL HALILI/TV5:** Pero, sir, iyong House leadership, how will it affect po the government agenda - iyong change on the leadership if ever?

**SEC. ROQUE:** Well, uulitin ko po, rirespetuhin natin ang desisyon ng Kamara de Representante [garbled] natin, sana po patuloy po ang kooperasyon sa panig ng Kamara at ng Malacañang.

**MARICEL HALILI/TV5:** Sir, with the decision of the President to lift the deployment ban doon sa mga nurses na naka-complete ng documentation on August 31, and po iyong naging consideration niya rito and what are the chances na magkaroon na ng total lifting ng deployment ban?

**SEC. ROQUE:** Well, ito kasi mga nurses na nakagastos na para i-process ang mag papel nila [garbled]. Hindi naman po ganoon karami ito, mga 1,500 po ang estimate ni Secretary Bello, so pinayagan na po iyan.

**MARICEL HALILI/TV5:** And, sir, the total lifting, how soon will it be implemented or what are the chances?

**SEC. ROQUE:** Wala pa pong desisyon sa total lifting, pinagbigyan lang po iyong nakagastos na para sa mga papeles. So wala na pong pupuwedeng magreklamo na nagkaroon sila ng gastos tapos hindi sila nakaalis.

**MARICEL HALILI/TV5:** Sir, I have a question for Usec. Borje.

**SEC. ROQUE:** Yes, please go ahead.

**MARICEL HALILI/TV5:** Sir, mayroon po bang schedule si President Duterte to speak before the forum? And what will be the focus of his speech?

**USEC. BORJE:** Thank you very much for that question. Yes, the President is already inscribed His inscription is on the first day of the general debate and this is very important because he will be in the first set of speakers. The time block is 9:00 o'clock in the morning to 2:45 in the afternoon New York time. He is inscribed as the 12<sup>th</sup> speaker of 14<sup>th</sup> speakers for the morning session. The first speaker will be Brazil, followed by the United States, followed by the Turkey and then China and then Chile and then South Africa, followed by Cuba, the Russian Federation and then Jordan, the Republic of Korea, Qatar then Philippines followed by Iran and then France.

**SEC. ROQUE:** Sir, what will be the focus of the speech of the President? Will he touch on the issue of human rights?

**USEC. BORJE:** President Duterte will articulate principled positions of the Philippines on a wide range of issues and I do not want to preempt the President. But these are the ones of key

importance to the country and I will identify them. That will be global response to the coronavirus pandemic; peace and security including terrorism and geopolitical developments in the Asia-Pacific; sustainable development and climate change; the rule of law, justice and human rights, including the situation of migrant workers and refugees as well as peace keeping and United Nations reports.

SEC. ROQUE: Punta ulit tayo kay Franklin for the local media please.

**MODERATOR:** Okay, may I call on Sheryl Macale of Mindanao Daily.

**MACALE/MINDANAO DAILY:** Good noon po, Secretary, and of course to Governor Emano. Sec., COVID-19 has created panic and terror and, in fact, what comes after, it was really alarming and very disturbing. We are not ready for this outbreak, but are we ready for the next recession?

**SEC. ROQUE:** Well, ang sagot ko po diyan ay unang-una huwag na po tayong mag-panic, kilala na po natin ang kalaban and we now have the highest testing rate in the whole of South East Asia and probably the whole of Asia because we have surpassed Japan and South Korea. So, kilala na natin ang kalaban at alam natin kung nasaan ang kalaban, alam din natin kung paano labanan siya - sa pamamagitan po ng isolation, sa pamamagitan ng contact tracing at sa pamamagitan po ng treatment.

Pagdating po sa tracing, napakaganda po ng formula ni Mayor Magalong – 1:37. At ngayon po mayroon na rin po tayong oplan, iyong operation kalinga, Oplan Kalinga para po masigurado na magkaroon ng facility quarantine iyong mga walang sariling kuwatro at walang sariling banyo sa bahay dahil alam natin sa home quarantine po na wala itong mga ganitong bagay ay makakahawa pa rin. At pagdating po sa treatment, alam natin iyong mga proper management, iyong paggamit ng high flow cannula, oxygen cannula, which is more effective than ventilators. Alam na natin iyong available na gamot that can treat symptoms, kasama po ang Remdesivir at saka ang Avigan. At ngayon po ay nagki-clinical trial pa nga tayo para sa mga locally produced supplements na nakaka-manage pala ng symptoms kagaya ng virgin coconut oil, Tawa-Tawa at ang Lagundi.

